# KANSER SA BAGA

ang #1 na dahilan ng mga kamatayang dulot ng kanser sa mga Asyanong Amerikano.



## ALAMIN ANG KATOTOHANAN. LUMABAN NANG MAY TAMANG KAALAMAN.

## MGA MALING AKALA AT KATOTOHANAN TUNGKOL SA KANSER SA BAGA



**MALING AKALA** | Mga naninigarilyo lamang ang nagkakaroon ng kanser.

**KATOTOHANAN** | 1 sa 3 Asyanong pasyente na may kanser sa baga ay hindi nanigarilyo kailanman.



**MALING AKALA** | Ang kanser sa baga ay hindi karaniwan sa mga babae.

**KATOTOHANAN** | Bawat taon, mas madami ang mga Asyanong babae na namamatay sa kanser sa baga kaysa sa kanser sa suso.



**MALING AKALA** | May iisang uri lamang ng kanser sa baga.

**KATOTOHANAN** | Ang kanser sa baga ay hindi lamang iisang uri ng sakit. Ang gamutan ay magkakaiba depende sa uri ng kanser sa baga.



**MALING AKALA** | Ang kanser sa baga ay hindi nagagamot.

**KATOTOHANAN** | Ang mga makabagong pagsusuri at gamutan ay nagbibigay ng pag-asa para sa mas magandang resulta.

## MGA KARANIWANG SINTOMAS NG KANSER SA BAGA



- Ubo na di nawawala
- Pag-ubo na may dugo
- Pananakit ng dibdib
- Pagkahingal
- Di maipaliwanag na pagbaba ng timbang

Magpatingin sa iyong doktor kung ang mga sintomas ay di nawawala. Ang pagkakaroon ng mga sintomas na ito ay hindi agad nangangahulugang ikaw ay may kanser sa baga.

## ALAM MO BA ANG IYONG BIOMARKER STATUS?

**Ang mga biomarker ay nagpapakita ng mga natatanging katangian ng iyong kanser sa baga.**

May ilang partikular na **biomarker** na maaaring magtulak sa iyong Non-Small Cell Lung Cancer (NSCLC) na lumaki at kumalat.



Humigit-kumulang na **45%** ng mga Asyano na pasyente na may NSCLC ay mayroong **EGFR biomarker** – isang genetic mutation sa **Epidermal Growth Factor Receptor.**

Ang testing para sa biomarkers ay makatutulong gumabay sa iyong mga doktor sa pagtukoy ng pinakaangkop na gamutan para sa iyong kanser sa baga.

**Kung ikaw ay ma-diagnose na may NSCLC, tanungin ang iyong doktor tungkol sa biomarker testing.**

**Para matuto nang higit pa tungkol sa kanser sa baga, bisitahin ang TreatYourLungCancer.com/fil**

©2022 AstraZeneca. All rights reserved. US-63372 4/22

AstraZeneca